

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil maaari mo Siyang bigyan ng kagalakan sa pamumuhay mo sa piling Niya araw-araw. Pasalamatan Siya sa mga layunin Niya sa buhay mo na tinutupad Niya ngayon.
- Manalangin na magkaroon ka ng dakilang pananampalataya sa kabila ng pagiging ordinaryo ng mga bagay sa buhay mo. Ipanalangin na araw-araw ay matapat mong maisapamuhay ang mga layunin ng Diyos para sa iyo.
- Ipanalangin na hindi mo mawala ang pakiramdam na kailangan mong kumilos upang makapagdisipulo at makapagpahayag ng tungkol kay Jesus sa mga tao sa kabila ng pagiging ordinaryo ng bawat araw mo. Ipanalangin na hindi ka mawalan ng pakialam at bagkus ay lagi mong hangarin ang sumunod sa kagustuhan ng Diyos.

NOTES



Enoc

WEEK 2

WARM-UP

- Kung isang klase lang ng pagkain ang pwede mong kainin sa buong buhay mo, ano ang pipiliin mo?
- Ano ang isang bagay na pinananabikan mo araw-araw?
- Magkuwento tungkol sa isang regalo na ipinamimigay mo taon-taon.

WORD ⁵Dahil sa pananampalataya, hindi namatay si Enoc kundi dinala siya sa langit, "Hindi na siya nakita pa dahil dinala siya ng Diyos." Ayon sa Kasulatan dinala siya dahil nalugod ang Diyos sa buhay niya. ⁶Hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos ang taong walang pananampalataya, dahil ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat maniwalang may Diyos at nagbibigay siya ng gantimpala sa mga taong humahanap sa kanya. **MGA HEBREO 11:5,6**

Isinama ng sumulat ng liham sa mga Hebreo si Enoc sa bulwagan ng pananampalataya, kahit wala namang naitala na mahalagang kaganapan sa buhay niya sa kabuuan ng Bibliya. Matapat siyang namuhay kasama ang Diyos sa loob ng 365 taon, at *hindi na siya nakita pa* sa lupa. Sabi sa Kasulatan, *nalugod ang Diyos sa buhay niya*. Paano nagpakita si Enoc ng dakilang pananampalataya? Paano natin mapapanatili ang dakilang pananampalataya kahit pangkaraniwan lamang ang buhay natin?

1 | Matapat na ipamuhay ang mga layunin ng Diyos.

22-24 Matapos isilang si Metusela, nabuhay pa si Enoc ng 300 taon at nadagdagan pa ang mga anak niya. Nang panahong iyon, malapit ang relasyon ni Enoc sa Diyos. Nasa 365 taong gulang siya nang siya'y nawala, dahil kinuha siya ng Diyos. **GENESIS 5:22-24**

Ang layunin ng Diyos para kay Enoc ay ang maging ama sa kanyang mga anak. Kung iisipin, napaka-ordinaryo lamang ng ipinagawa ng Diyos sa kanya. Matapat niyang isinapamuhay ang layuning ito, at ipinakita niya ang kanyang pananampalataya bilang isang ama. Gaya ni Enoc, maaari nating tanggapin ang mga responsibilidad na ibinibigay sa atin ng Diyos at matapat na isapamuhay ang mga layunin Niya para sa atin. Ano ang mga responsibilidad na tinanggap mo?

.....

.....

.....

2 | Mamuhay sa piling ng Diyos araw-araw.

Nasa 365 taong gulang siya nang siya'y nawala, dahil kinuha siya ng Diyos. **GENESIS 5:24**

Sinabi ng Bibliya na *nalugod ang Diyos sa buhay* ni Enoc. Hindi pabago-bago ang pamumuhay niya kasama ang Diyos sa loob ng 365 taon niya dito sa lupa. Araw-araw, maaari nating ipagkatiwala ang ating mga sarili sa Diyos sa gitna ng mga mabubuti at hindi mabubuting mga bagay sa buhay natin. Ano ang ilan sa mga bagay na ginagawa mo upang matapat na mamuhay sa piling ng Diyos araw-araw?

.....

.....

.....

3 | Mamuhay para sa ikalulugod ng Diyos.

Hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos ang taong walang pananampalataya, dahil ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat maniwalang may Diyos at nagbibigay siya ng gantimpala sa mga taong humahanap sa kanya. **MGA HEBREO 11:6**

Habang matapat na namumuhay si Enoc kasama ang Diyos araw-araw, sinabi ng Bibliya na nalugod ang Diyos sa kanyang pananampalataya sa loob ng 365 taon. Dapat nating isapamuhay ang layunin ng Diyos at panatilihin ang kagustuhan na *makapagbigay-lugod* sa Kanya araw-araw. Maraming paraan upang makapagbigay-lugod sa Diyos. Itinala sa Mga Hebreo 13 ang ilan sa mga ito. Sa huli, tayo ay nagbibigay-lugod sa Diyos hindi dahil may gusto tayong makuha mula sa Kanya, kundi dahil ang kaluguran Niya ang kalakasan natin at dahil Siya ang ating dakilang gantimpala. Ano ang mga ginagawa mo araw-araw upang makapagbigay kaluguran sa Diyos?

.....

.....

.....

APPLICATION

- Nangako ka na bang mamumuhay ka sa piling ng Diyos araw-araw at hahangaring magbigay kagalakan sa Kanya? Gusto mo bang gawin ang pangakong ito ngayon?
- Araw-araw mo bang naaalala ang mga layunin ng Diyos para sa iyo? Ano ang dalawang paraan na pwede mong gawin para ipaalala sa sarili mo ang ebanghelyo at ang ginawa ng Diyos para sa iyo?
- Mayroon ka na bang nakatakdang oras at araw para sa araw-araw mong pakikipag-usap sa Diyos? Kung oo, anong oras at saan mo ito ginagawa? Kung hindi, ngayon ang tamang araw para simulan ang pakikinig sa Diyos at pag-alam ng kagustuhan Niya araw-araw.